

Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa

Kuarter

Linggo

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 3

Kuwartar 1: Linggo 2

Ang materyal na ito ay inilaan upang gabayan ang mga guro sa pagtuturo at suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong magsilbing batayan sa epektibong paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto na inaasahan sa bawat aralin.

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), sa pakikipagtulungan sa Filipinas Copyright Licensing Society, Inc. (FILCOLS), ay nagsisigurong alinsunod sa Republic Act No. 8047 ang pagbuo at paglilisensya ng mga kagamitang pampagkatuto para sa mga pampublikong paaralan. Ang FILCOLS, bilang opisyal na kinikilalang kolektibong organisasyong namamahala sa karapatang-ari para sa sektor ng teksto at larawan, ay nangangasiwa, naglilisensya, at nagpapatupad ng mga karapatan sa pagpaparami ng mga akda sa ngalan ng mga may-akda, tagapaglathala, at iba pang may hawak ng karapatang-ari.

Sa ilalim ng isang hindi eksklusibong kasunduan sa paglilisensya, ang FILCOLS ay nagkakaloob ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon na muling gamitin ang mga may copyright na akda sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, na may kaukulang maliit na bayad. Napakahalaga ng pakikipagtulungang ito upang matiyak ang patuloy na akses ng mga mag-aaral sa mga kagamitan para sa pagkatuto, lalo na sa mga pagkakataong may pagkasira o pagkawala ng mga aklat dahil sa mga sakuna.

Tanging ang mga institusyon at entidad na may kasunduan sa FILCOLS ang may pahintulot na magparami ng mga materyal na ito. Ang sinumang hindi awtorisadong partido ay kailangang humingi ng direktang pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.filcols.org o magpadala ng email sa filcols@gmail.com.

Walang bahagi ng materyal na ito, kabilang ang orihinal at hiniram nitong nilalaman, ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang pasulat na pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Sinikap na matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos-pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development at RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project, pati na rin sa UNICEF, para sa kanilang suporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng mga kagamitang pangpagkatuto para sa MATATAG Kurikulum.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Sonny M. Angara

Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

Bumuo ng Materyal

Manunulat:

Archie E. Año

Tagasuri:

Benipie S. Atlas, Mariel Eugene L. Luna, Cherry Gil J. Mendoza, Jason Tadeo, Joyce V. Arce

Tagaguhit:

Charles A. Calixto, Mark D. Petran, Fermin M. Fabella

Tagalapat:

Lieu Gee Keeshia C. Guillen, Analyn T. Seranno

Namahala sa Pagbuo ng Materyal

Bureau of Curriculum Development

Bureau of Learning Delivery

Bureau of Learning Resources

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600

Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Makabansa 3	Markahan	1
Linggo	2	Araw	1
Pamagat/ Paksa ng Aralin			
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Layunin: Naisasalaysay ang mga alamat na may kinalaman sa kinabibilangang komunidad

Panuto: Basahin nang mabuti ang alamat. Sagutan ang *graphic organizer* sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinihinging impormasyon upang ito ay makumpleto.

ANG ALAMAT NG BARANGAY PURAG

(Reference: <https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&opi=89978449&url=https://sinait.gov.ph/wp-content/uploads/2020/12/PURAG.doc&ved=2ahUKEwifj6OlxeSGAxX4oK8BHYktBkKQFnoECBIQAQ&usg=AOvVaw2XJNvAnyYpiWsjo8dcmij1>)

Noong unang panahon may isang dilag na napakaganda na ang pangalan ay Pura, ito ay naninirahan sa isang lugar. Dahil sa likas na kagandahan ni Pura, kumalat ang balita tungkol sa kaniya hanggang sa malalayong lugar, kaya't maraming binatang nanligaw sa kaniya. Nang mabalitaan ng isang mayamang Intsik na negosyante na may napakagandang dalaga sa lugar na iyon, nagkaroon siya ng interes na alamin kung saan ito nakatira. Nagpunta siya roon at nagtanong-tanong upang hanapin ang bahay ni Pura. Nagkataon na may nakitang mangingisda na nanggaling sa dagat, nagtanong-tanong siya uli, pero walang makapagsabi kung saan nakatira si Pura. Dahil sa matinding pagod, nakatulog siya habang patuloy na hinahanap si Pura, ngunit hindi siya sumuko hanggang sa marating ang kanilang lugar matapos ang maraming araw. Pagdating niya, agad siyang nagtapat ng pag-ibig at nangakong ibibigay ang lahat ng kaniyang kayamanan kung sasagutin siya ni Pura. Tinanggap naman ni Pura ang panliligaw ni Gim, hindi dahil sa kayamanan, kundi dahil sa tapat nitong pag-ibig at likas na kabutihang-loob.

Pagkaraan ng buwan ay nagpakasal sina Pura at Gim, nabalitaan ng mga manliligaw ni Pura at hindi nila ito matanggap. Dahil sa kanilang sobrang selos ay nagawa nilang patayin si Gim, at dahil sa pagmamahal ni Pura kay Gim ay prinotektahan niya si Gim laban sa mga kaaway, dahil dito ay namatay silang dalawa.

Dahil sa pangyayari masayang namatay ang magsing-irog. Samantalang dahil sa pangyayaring ito tinawag nilang "Puragim" ang lugar at naglaon at paglipas ng matagal na panahon tinawag nilang PURAG ang lugar.

ANG AKING KOMUNIDAD

1. Saan matatagpuan ang aking komunidad?

2. Ano ang alam ko tungkol sa aking komunidad?

3. Ano ano ang mahahalagang pangyayari sa aking komunidad?

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Makabansa 3	Markahan	1
Linggo	2	Araw	1
Pamagat/ Paksa ng Aralin			
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Layunin: Naisasalaysay ang mga alamat na may kinalaman sa kinabibilangang komunidad

Panuto: Basahin nang mabuti ang alamat. Pagkatapos, sagutan ang mga tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot.

ANG ALAMAT NG ANTIPOLO

Noong unang panahon, ang mga magsasakang nakatira sa kapatagan ay lumipat sa kabundukan upang makaiwas sa kalupitan ng mga Kastila.

Sa kagubatan na sila namalagi upang di masangkot sa kaguluhan sa bayan. Lubhang nagalit ang mga Kastila dulot ng himagsikan. Upang makaganti, maraming walang malay na Pilipino ang kanilang pinagbintangang kasapi ng katipunan.

Nabalitaan ng mga naninirahan sa kabundukan ang planong pagsukob ng mga guardia sibil. Sila ay natakot at araw-gabi ang pagdarasal ng kababaihan.

Isang araw, umakyat ng bundok ang mga Kastila. Nakarating sila kung saan nagtitipon-tipon ang mga nagdarasal. Sa pagtataka ng lahat ay biglang umilaw ang puno ng TIPOLO.

Maya maya lamang ay biglang lumitaw ang Birheng Concepcion sa itaas ng puno ng TIPOLO. Palibhasa'y mga relihiyoso ang Kastila sila ay natakot at nagsisi.

Marami ang nakakita sa milagro ng birhen at sila ay nagpasalamat sa saklolong binigay nito. Ang masamang balak ng mga Kastila at hindi natuloy bagkus ay nangako pang ang pook na iyon ay igagalang.

Masaya pang ipinamalita ng mga Kastila sa kapuwa nila ang nakitang milagro.

"Saan ang lugar na 'yon?"

"Sa bundok. Itanong ninyo kung saan ang tipolo"

Dahil sa paulit-ulit na pagbanggit ng "Saan ang tipolo?" tinawag nilang SANTIPOLO ang pook at 'di nagtagal ay naging "ANTIPOLO".

1. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit lumipat ang mga magsasaka mula sa kapatagan patungo sa kabundukan?
 - A. pag-aatubiling makipag-ugnayan sa mga Kastila
 - B. paghahangad na mabuhay sa kagubatan
 - C. pag-aalala sa kalupitan ng mga Kastila
 - D. pagtakas mula sa giyera sa bayan
2. Ano ang pangalan ng lugar kung saan nanirahan ang mga magsasaka upang iwasan ang mga Kastila?
 - A. Antipolo
 - B. Concepcion
 - C. Tipolo
 - D. Santi Polo
3. Ano ang ginawa ng mga Kastila bilang paghihiganti sa himagsikan?
 - A. pinagbintangan ang ilang Pilipino ng pagiging kasapi ng Katipunan
 - B. lumikas sa bundok upang hulihin ang mga rebolusyonaryo
 - C. binantaan ang mga naninirahan sa kabundukan
 - D. nag-organisa ng panggulo sa kagubatan
4. Ano ang naging epekto ng paglilitis sa mga walang malay na Pilipino na pinagbintangang kasapi ng Katipunan?
 - A. nag-organisa ng pakikibaka laban sa Kastila
 - B. nagbalik sa kapatagan upang mangahas
 - C. pinarusahan ang mga inosenteng tao
 - D. nag-alis ng tiwala sa mga Kastila
5. Paano naging "Antipolo" ang pangalan ng lugar na dating tinatawag na "Santipolo"?
 - A. pagtawag ng mga Kastila sa lugar sa pamamagitan ng paulit-ulit na "Saan ang Tipolo?"
 - B. pagpapalit ng pangalan bilang pagrespeto sa isang Birheng Concepcion
 - C. pagkakaroon ng milagro sa isang puno ng Tipolo
 - D. pagpapakilala ng mga lokal sa kanilang kultura

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Makabansa 3	Markahan	1
Linggo	2	Araw	3
Pamagat/ Paksa ng Aralin			
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Layunin: Naiisa-isa ang mga pamahiin at tradisyon na bahagi ng kasaysayan ng kinabibilangang komunidad

Panuto: Basahin ang teksto nang mabuti. Gamitin ang impormasyon mula sa binasang teksto upang sagutan at punan nang wasto ang mga *graphic organizer*.

Gawing Teksto Bilang 1 - Pamahiin

Sa Pilipinas, ang mga pamahiin ay bahagi ng kultura na nagbibigay-kulay sa araw-araw na buhay ng mga Pilipino. Isa sa mga popular na pamahiin ay ang paniniwala sa suwerte o malas kapag naglalakad sa ilalim ng hagdang-bato. Ayon sa tradisyon, masamang kapalaran ang darating sa sinomang maglakad sa ilalim ng hagdan nang hindi bumabalik at umaakyat ulit.

Isa pang pamahiin ay ang pag-aayos ng mga bagay-bagay sa tahanan o opisina, partikular ang mga lalagyan ng pera tulad ng pitaka o alkansiya. Ayon sa tradisyon, dapat palaging maglagay ng pera sa mga bagay na ito upang mapanatili ang pagdating ng pera sa buhay.

Mayroon ding pamahiin ukol sa pagdadasal ng rosaryo tuwing hatinggabi o alas tres ng umaga. Sa paniniwala ng mga Pilipino, ito ay oras na sagrado at makapagdudulot ng biyaya at patnubay mula sa Diyos.

Gawing Teksto Bilang 2 - Pamahiin

Sa mga lalawigan sa Pilipinas, ang mga pamahiin ay bahagi ng kulturang patuloy na pinananatili ng mga lokal na komunidad. Isa sa mga kilalang pamahiin ay ang pag-iwas sa pagpapatuli tuwing Biyernes o Martes. Ayon sa tradisyon, ito ay kinakabitan ng malas at masamang kapalaran.

Mayroon ding pamahiin ukol sa pagtatanim ng mga halaman sa buwan ng Agosto. Sa mga lalawigan, karaniwang pinaniniwalaan na magdudulot ng malas ang pagtatanim ng mga halaman sa buwan na ito, at mas pinipili ang buwan ng Oktubre bilang mas maigi at masuwerteng panahon para sa pagtatanim.

Isa pang pamahiin ay ang pag-iwas sa pagputol ng mga puno ng niyog sa gabi. Ayon sa mga tradisyonal na paniniwala, ito ay may masamang epekto sa buhay at kapalaran ng mga taong gumagawa nito.

Gawing Teksto Bilang 3 – Tradisyon

Sa Pilipinas, mayaman at makulay ang mga tradisyong nagpapakita ng kultura at pagkakakilanlan ng bawat rehiyon. Isa sa pinakatanyag na tradisyon ay ang Pista ng Mahal na Nazareno sa Quiapo, Maynila. Ito ay isang taunang pagdiriwang na dinaluhan ng milyun-milyong deboto na naglalakad sa prusisyon upang magpasalamat at humingi ng tulong sa Poong Nazareno.

Sa mga probinsya naman, matatagpuan ang iba't ibang pagdiriwang tulad ng Kadayawan Festival sa Davao City. Ito ay isang makulay at masayang selebrasyon ng pasasalamat para sa mga biyaya ng mga tribo sa Mindanao. Ang Kadayawan ay ipinagdiriwang tuwing buwan ng Agosto, kung saan ipinapakita ang mga tradisyonal na sayaw, musika, at pagtatanghal ng mga prutas at bulaklak.

Isa pang makulay na tradisyon sa Pilipinas ay ang paggawa ng mga parol tuwing Kapaskuhan. Ang parol ay simbolo ng pag-asa at liwanag, at ito ay bahagi ng tradisyon sa Pampanga, na kilala bilang "Parol Capital of the Philippines." Ang paggawa ng parol ay hindi lamang nagpapakita ng kasanayan sa sining ngunit nag-uugnay din ng mga miyembro ng komunidad sa panahon ng Pasko.

Ang mga tradisyong ito ay nagpapakita ng kakaibang kulay at kahalagahan ng kultura ng Pilipinas. Ito ay nagbibigay hindi lamang ng pagkakakilanlan ng bawat rehiyon kundi nagpapalaganap din ng diwa ng pagkakaisa at pagmamahalan sa bawat Pilipino.

Gawing Teksto Bilang 4 – Tradisyon

Sa mga lalawigan sa Pilipinas, masusing ipinapamalas ang kultura at tradisyon sa pamamagitan ng iba't ibang pagdiriwang at ritwal. Isa sa mga halimbawa nito ay ang Flores de Mayo, isang taunang pagdiriwang ng mga Katoliko na nagpapakita ng debosyon kay Birheng Maria. Sa loob ng buong buwan ng Mayo, ang mga sagala at prusisyon ng mga bulaklak ay nagpapakita ng pananampalataya at pagkakaisa ng mga lokal na komunidad.

Sa ibang mga lalawigan naman, matatagpuan ang tradisyonal na Pista ng Patay tuwing Undas. Ito ay panahon kung saan nagtitipon ang mga pamilya sa mga sementeryo upang alalahanin ang mga yumao. Sa pamamagitan ng pagdadala ng mga bulaklak, kandila, at pagkain, ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang paggalang at pag-aalala sa mga patay.

Bukod dito, isa pang kilalang tradisyon sa mga lalawigan ay ang paggawa ng mga kakanin tuwing kapistahan. Sa halos bawat pista at pagdiriwang, makikita ang masigasig na paggawa ng mga kakanin tulad ng bibingka, puto, at suman. Ang paghahanda at pagbabahagi ng mga kakaning ito ay nagpapakita ng pagkakaugnay ng mga tao sa kanilang kultura at kasaysayan.

Ang mga tradisyong ito sa mga lalawigan ng Pilipinas ay hindi lamang nagbibigay ng kulay at saya sa mga okasyon, kundi nagpapalaganap din ng mga halaga at paniniwala ng bawat rehiyon. Ito ay patuloy na nagbubuklod sa mga komunidad at nagpapalakas ng kanilang pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

Matapos mabasa ang nakatokang babasahing teksto, punan ang graphic organizer ng hinihinging detalye.

Mga Pamahiing Nabasa:	Kahulugan ng Pamahiin:
	
Sariling pagkaintindi ng salitang PAMAHIIN:	
Mga Tradisyon Nabasa:	Kahulugan ng Tradisyon:
	
Sariling pagkaintindi ng salitang TRADISYON:	

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Makabansa 3	Markahan	1
Linggo	2	Araw	3
Pamagat/ Paksa ng Aralin			
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Layunin: Naiisa-isa ang mga pamahiin at tradisyon na bahagi ng kasaysayan ng kinabibilangang komunidad

Panuto: Punan ang graphic organizer ng tamang detalye batay sa binasang teksto.

Tradisyon ↓ Ano ito? ↓ Mga Halimbawa	Pamahiin ↓ Ano ito? ↓ Mga Halimbawa
---	--

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Makabansa 3	Markahan	1
Linggo	2	Araw	4
Pamagat/ Paksa ng Aralin			
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Layunin: Natutukoy ang mahahalagang estruktura na pinatayo na nagpapakita o nagsasalaysay ng kasaysayan ng kinabibilangang komunidad

Panuto: Piliin ang tamang sagot mula sa Hanay B para sa bawat aytem sa Hanay A. Isulat ang sagot sa patlang.

Hanay A

- _____ 1. paaralan
- _____ 2. ospital
- _____ 3. simbahan
- _____ 4. palengke
- _____ 5. parke

Hanay B

- A. lugar para sa pangangalaga ng may sakit
- B. lugar para sa pagsamba
- C. lugar para sa edukasyon
- D. lugar para sa pagbili ng pagkain at gamit
- E. lugar para sa paglilibang at pagpapahinga